

Para sa lahat ng nakaranas ng sakuna sa baha  
~ Kapag sinimulan ang paglilinis ng ating bahay ~

## 1. Dalhin ang larawan ng sitwasyon ng pinsala


### · I-record ang sitwasyon ng pinsala

Kumuha ng mga larawan sa paligid ng bahay at sa loob ng bahay upang makita ang sitwasyon ng pinsala.

Kunan din ng larawan hindi lamang ang bahay, kundi pati na rin ang mga nasirang bagay (mga kasangkapan sa bahay tulad ng mga sasakyan at mga appliances tulad ng refrigerator).

Maghanap ng bakas ng umapaw na tubig sa loob ng bahay at kunan ito ng larawan upang malaman ang lalim ng pagbaha.

Sa pagkuha ng larawan nito, ito ay maaring magamit at mapakinabangan kung magre request ng pera sa insurance o sa pagkuha ng sertipiko ng pinsala dulot ng sakuna (risai shoumeisho).



### ※ Ano ang isang sertipiko ng pinsala na dulot ng sakuna (risai shoumeisho)

Maaaring mag apply sa city hall na ang iyong bahay ay nasalanta ng sakuna.

Ang tanggapan ng lungsod ay magsasagawa ng pagsusuri sa pinsala ng bahay batay sa aplikasyon,

at kung mapapatunayan na ang iyong bahay ay nasalanta at nasira ikaw ay mapagkakalooban ng sertipiko ng pinsala na dulot ng sakuna at maaring makatanggap ng mga benepisyo at pinansyal na tulong gaya ng maaring makapag loan kung nais ipagawa ang nasirang bahay, maari rin na tumira sa pansamantalang pabahay, maari rin na mabawasan ang mga buwis at mga utility bill, maaari kang makatanggap ng tulong sa alinsunod sa mga antas ng pinsala. Maaari ka ring magpa-reissue ng residence card.

Maaaring tumagal mula sa ilang linggo hanggang mahigit isang buwan bago matanggap ang sertipiko ng pinsala na dulot ng sakuna. Magtanong sa city hall para sa tamang hakbang at pamamaraan ukol dito.


Attention: Kung hindi mag apply ay hindi mapagkakalooban ng sertipiko. Pumunta agad sa city hall at mag apply.

## 2. Bago ang paglilinis

### · Elektrisidad


Dahil ang kuryente ay maaaring mag leak, tingnan mabuti at i check ang circuit breaker. Mapanganib kung ang breaker ay bumagsak, maaring magdulot ito ng electric shock kaya kumonsulta sa isang power company

ブレーカー  
(玄関の近くにある)



### · Gas

Kapag may amoy ng gas sa loob ng bahay, ipagbigay-alam ito kumpanya ng gas. Kung ang lungsod ang nagsu-supply, awtomatikong hihinto ang gas sa oras ng kalamidad. Kung ang gas ay naibalik na, maaari mong gamitin ang gas sa pamamagitan ng pagtulak sa return button ng gas meter. Ipacheck sa kumpanya ng gas upang malaman kung ang gas ng lungsod ay maaaring nang gamitin.



Sa propane gas, kapag ang silindro ng gas ay tumatakbo kahit hindi pa ito ginagamit, maaring may tumutulo na gas, ipagbigay-alam agad ito sa kumpanya ng gas.

· **Makipag-ugnay sa mga kompanya ng seguro atbp.**

Kung ang bahay ay may fire insurance o mutual aid ipagbigay alam sa kompanya ng insurance ang nangyaring sakuna sa bahay. Maaari tayong makatanggap ng kabayaran sa pagkumpuni.

Kung nakatira sa apartment, makipag-ugnay sa may-ari.

Bago ayusin ang iyong bahay, kumuha ng larawan ng sitwasyon ng pinsala, makipag ugnayan sa kumpanya ng insurance, sa may-ari ng apartment na tinitirahan at sa manggagawa na nagtayo ng bahay.

### **3. Sa paglilinis**

· **Ingatan na huwag masaktan o masugatan**

Magsuot ng mga bota at guwantes na goma. Ang alikabok at amag ay maaring nagliliparan, kaya siguraduhin na mag-mask. Ugaliing magmumog at maghugas ng kamay, at uminom ng tubig o inumin.

· **Ang rules at paraan ng pagtatapon ng basura ay maaring maiba.**

Maraming basura ang lumalabas, tulad ng mga kasangkapan sa bahay tulad ng mga sasakyan at refrigerator, kaya hindi mangongolekta ng basura sa karaniwang mga lugar. Ipagtanong sa city hall o sa kapitbahay ang lugar at oras at kung papaano maitatapon ang mga basura.

· **Magpatulong sa mga boluntaryo**

Maraming boluntaryo ang nakarehistro sa "Disaster Volunteer Center". Humingi ng tulong hindi lang sa kapamilya kundi magpatulong din sa mga volunteers. Maaring komunsulta sa disaster volunteer center, social welfare council, at sa city hall. Maaring magpatulong ng walang bayad .

(Attention)

· **Mag-ingat sa mga magnanakaw at mandaraya.**

Minsan ang impormasyon sa SNS atbp ay hindi katotohanan. Kung sa tingin ay may mali at may kahinahinalang bagay, mangyaring siguraduhin muna ito at humingi ng opinyon sa ibang tao.

· **Kung nawala mo ang iyong residence card o passport**

Makipag-ugnay sa embahada o tanggapan ng imigrasyon.

